KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 45 BILANG 10 BASAHIN AT TALAKAYIN OKTUBRE 2025

EDITORYAL

# Paigtingin ang pakikibaka laban sa korapsyon, wakasan ang burukrata kapitalismo

Sa gitna ng nakalulunod na kahirapang ipinataw ng sistemang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, bumulwak ang mga kilusang protesta ng sambayanan para singilin at papanagutin ang mga pulitiko at kasabwat nitong kontraktor sa talamak na pangungurakot sa pondo ng bayan. Kapuri-puri ang mga protestang isinagawa ng mga komunidad sa mga probinsya at pangunguna ng mga kabataan sa mga *walkout* sa iba't ibang unibersidad sa bansa para kundenahin at singilin ang mga salarin.

Makatwiran ang sunud-sunod na protestang inilunsad ng sambayanan sa iba't ibang panig ng bansa upang iparating ang kanilang pagkamuhi sa laganap na korapsyon ng estado. Naganap ang mga ito matapos malantad ang garapalang korapsyon ng reaksyunaryong gubyerno sa mga *flood control projects* (FCP). Mula maupo sa poder noong 2022, nilaanan ni Ferdinand Marcos Jr. ng ₱545 bilyong pondo ang 9,855 FCP ngunit lampas 6,000 sa mga ito ay palpak, di kumpleto at pinakamasahol, hindi totoo *(ghost projects).* Tampok na kinurakot ang mga FCP sa mga probinsya ng La Union, Pampanga, Bulacan at Oriental Mindoro. Mamamayan ang nagdurusa sa kapalpakan ng mga proyektong ito. Ngayong taon, gumuho ang isang dike sa ilalim ng FCP sa Lucena, Quezon na nagkakahalagang humigit kumulang ₱100 milyon, habang sa Oriental Mindoro, siyam na bagong gawang dike ang gumuho.

Dahil hindi na mapagtakpan ng estado, naobliga itong bumuo ng independyenteng komisyon para imbestigahan ang mga anomalya sa mga proyektong imprastraktura ng iba't ibang ahensya ng gubyerno. Ngunit umani ito ng mga pagbatikos dahil wala naman itong planong isapubliko ang mga imbestigasyon. Higit na lumilinaw sa sambayanan na gagamitin lamang ang naturang komisyon para pagtakpan si Marcos, ang tunay na utak at hari ng korapsyon at idiin sa mga karibal



KALATAS

Oktubre 2025
TOMO 45 BILANG 10

NILALAMAN

1 Paigtingin ang pakikibaka laban sa korapsyon, wakasan ang burukrata kapitalismo
3 Opensiba ng AMC-BHB Quezon at aktibong depensa ng LdGC-BHB Mindoro
4 Marcos Jr., numero-unong pahirap sa masang magsasaka
6 Diwa at pakikibaka ni Ka Dodong sa harap ng mga "proyektong Apangkaunlaran" sa Laguna de Bay
8 Tugon ni PdG: Ano ang burukrata kapitalismo? Bakit ito binuo at inaalagaan ng imperyalismong US na maghari sa Pilipinas?
9 Pambobomba, panganganyon at pang-iistraping ng 203rd IBde, kinundena ng NDFP-Mindoro
9 Serye: Kumperensya sa Rebolusyong Agraryo sa TK
10 Walkout ng pagkakaisa sa UPLB, isang protesta kontra- katiwalian at kontra-budget cut
11 Higit 100,000 mamamayan, nagprotesta laban sa korapsyon
12 Kultura

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

na pulitiko at kontratistang hindi nagsesentro ng mga kikbak sa Malakanyang.

Anumang pagtatakip na gawin ng estado, sadyang lumalabas ang masangsang na baho nito. Ginawa itong pagkakataon ng pangkating Marcos at Duterte na magbatuhan ng putik sa isa't isa samantalang kapwa naman silang nakinabang sa mga maanomalyang FCP. Nagsimula pa ang pangungurakot sa pondo ng FCP noon pang rehimen ni Rodrigo Duterte. Kapwa pang tumanggap sina Marcos Jr. at Sara Duterte ng donasyon para sa kampanyang elektoral sa mga kontratistang sangkot sa korapsyon ng FCP.

Bukod sa mga anomalya sa FCP, unti-unti na ring nauungkat ang iba pang mga proyektong nasasangkot sa korapsyon kagaya ng mga *farm-to-market roads* at kinukwestiyon ang malalaking "singit" *(insertions)* sa pambansang badyet para sa *pork barrel* sa anyo ng *unprogrammed appropriations,* mga proyekto sa Department of Public Works and Highways (DPWH) hanggang sa mga pondong militar sa NTF-ELCAC, AFP *modernization, barangay development program* at iba pa. Nasa ₱15 bilyon ang *military ghost projects* ng AFP sa ilalim ng TIKAS, proyektong imprastrakturang katuwang ang DPWH habang ₱500 milyon naman ang idinagdag na "singit" sa pondo ng PNP sa intelidyens. Sa pambansang badyet sa 2026, umaabot ng ₱695 bilyon ang pork barrel na mahahati sa ₱281 bilyong sariling pork ni Marcos Jr. at ₱414 bilyon sa mga mambabatas. Kabilang sa *pork* ang mga singit sa DPWH na ₱174 bilyon na paghahatian ng 318 kongresista (₱230 milyon bawat isa) at 24 senador (₱3.2 bilyon bawat isa) habang may ₱24 milyon pang sobra na laan sa pangulo.

Simula't sapul, si Marcos Jr. ang utak ng korapsyon sa likod ng maanomalyang FCP. Siya ang may kontrol sa mga dagdag-bawas sa panukalang pambansang badyet hanggang sa pag-apruba nito. Malaya niyang pinagpapasyahan kung ilan ang kanyang taunang *confidential intelligence fund* (pondong hindi obligadong isapubliko kung saan ginastos) at *unprogrammed appropriations fund* (pondong walang tiyak na paglalaanang proyekto subalit kinabibilangan ng mga *lump-sum projects* na walang *breakdown* o walang detalye ng gastos). Silbing *pork barrel* ang *unprogrammed appropriation* na pinalobo ni Marcos Jr. ng ₱807.16 bilyon noong 2023, ₱731.45 bilyon noong 2024 at ₱363.42 bilyon noong 2025. Nasa 320% ang itinaas ng *unprogrammed appropriation* noong 2023 kumpara noong 2022.

Mahaba na ang kasaysayan ng pangungurakot ng reaksyunaryong gubyerno sa pondo ng bayan. Pinakamasasahol sa mga ito ang diktador na si Ferdinand Marcos Sr. (1965-1986), na napabantog sa buong mundo na nagsagawa ng pinakamalaking pagnanakaw ng isang gubyerno; si Joseph Estrada (1998-2001); Gloria Macapagal-Arroyo (2001-2010); Benigno Aquino Jr. (2010-2016) at Rodrigo Duterte (2016-2022). Kinasangkutan nina Arroyo ang NBN-ZTE *deal scam*, ang *pork barrel scam* ni Aquino at ang grabeng korapsyon noong pandemyang COVID-19 sa ilalim ni Duterte. Hindi rin ligtas ang mga ayuda at pautang ng dayuhan sa burukratikong kurakot. Katunayan, tinapos ng bawat rehimen sa kasaysayan ang kanilang terminong baon sa lumalaking utang: mula $600 milyon bago ang diktadura; $28.3 bilyon kay Marcos Sr.; $30 bilyon kay Cory Aquino; $46 bilyon kay Ramos; $52 bilyon kay Estrada; $64.73 bilyon kay Arroyo; $77 bilyon kay Aquino II; $224.9 bilyon kay Duterte at $310 bilyon kay Marcos (2025). Pinatutunayan nito ang korapsyon bilang sistematikong problemang kaakibat ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Nagagawa ito ng

mga burukrata kapitalista dahil iginagawad itong konsesyon sa kanila ng imperyalismong US para ipagtanggol ang interes sa pulitika at ekonomya nito, panatilihin ang pyudalismo at bulok na kaayusan ng estado.

Bilang tagapangalaga ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, ginagamit ng uring burukrata kapitalista ang pasismo sa bayan. Patunay rito ang naganap noong Setyembre 21 kung saan pinaulanan ng bala, pinasabugan ng *tear gas* at binomba ng tubig ng mga pulis ang mga nagprotesta sa utos ni Marcos Jr. Inaresto ang 277 kabilang ang mga menor de edad at iligal na kinulong, inabuso, tinortyur at sinampahan ng mga gawa-gawang kaso. Ang ipinakikitang pangil ng gubyerno ay desperadong hakbang ng rehimen para sindakin ang taumbayan at pigilan ang anumang makatarungang protesta laban sa estado habang tumatakas sa pananagutan.

Habang lumalala ang tunggalian sa hanay ng mga naghaharing uri at api't pinagsasamantalahan, kailangang lalong pahigpitin ang pagkakaisa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, propesyunal at pambansang minorya. Buuin ang kanilang sariling solidong lakas para usigin at papanagutin ang kurakot na gubyerno. Dapat silang magtagumpay sa pagtatayo at pagpapalawak ng pagkakaisa ng mamamayan laban sa kurapsyon at burukrata-kapitalismo kabilang na ang naliliwanagang elemento at grupo sa hanay ng panggitnang pwersa at pambansang burgesya. Gawing inspirasyon ang mga pakikibaka sa kasaysayan kagaya ng EDSA I na nagpatalsik sa diktadurang Marcos I, EDSA II na nagpatalsik sa korap na rehimeng Estrada at tuluy-tuloy na kampanyang paniningil sa korapsyon noong mga rehimeng Arroyo at Aquino II.

Dakilang tungkulin ngayon ng mga pambansa demokratikong pwersa na pamunuan, isustine, palawakin at itaas pa ang antas ng kampanyang pagpapanagot sa rehimeng US-Marcos. Ikawing at itaas ang antas ng pakikibaka ng bayan sa landas ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Ilunsad ang malawakang propaganda at edukasyon na nagpapaliwanag sa kabulukan ng burukrata kapitalismo at ang ugnayan nito sa imperyalismo at pyudalismo—ang tatlong salot na ugat ng kahirapan ng bayan. Isagawa ang mga *study circle,* pulong/grupong talakayan at pulong masa sa mga komunidad, pagawaan, sakahan at eskwelahan. Gamiting pagkakataon ito upang magpalawak ng hayag na organisasyon at lambat ng lihim na kilusan. Palakasin ang mga bag-as ng Partido sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa para epektibong pamunuan ang pambansa demokratikong kilusan.

Patuloy na ilantad ang paghuhugas-kamay ni Marcos at bunutin ang galit sa dibdib ng mamamayan sa pasismong inihahasik ng estado para panatilihin ang bulok na kaayusan. Kailangang itaas ang pagkamuhi ng mamamayan sa makauring galit upang matapang silang bumangon at labanan ang nagbabantang muling pagpapataw ng kamay na bakal ng estado.

Sa pagkalantad ng mga anomalya at katiwalian sa kamay ng mga burukrata kapitalista, lalong pinahihinog ni Marcos Jr. ang kalagayan para sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Higit na pinatutunayang makatarungang mag-aklas sa isang mapagsamantala at mapang-aping sistema. Ang tunay na pagbabago ng sistema ng lipunang Pilipino ay magaganap lamang sa isang radikal na pagbabago sa anyo ng pambansa demokratikong rebolusyon upang ibagsak ang umiiral na bulok na sistema at palitan ng gubyernong nagtataguyod ng tunay na kalayaan, karapatan at hustisyang panlipunan.





## Opensiba ng AMC-BHB Quezon at aktibong depensa ng LdGC-BHB Mindoro

Tagumpay ang operasyong haras ng isang yunit ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon noong Setyembre 4 ng gabi sa bagong tayong kampo militar ng 85th IBPA sa Brgy. Cogorin Ibaba, Lopez. Pangalawang beses nang inatake ng BHB ang kampo. Ipinagbunyi ito ng mga residente na malaon nang binubuliglig at ginagambala ng presensya ng militar.

Nakapaglunsad naman ng kontra-atake ang mga yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro sa dalawang labanan sa pagitan ng mga pwersa ng 203rd Infantry Brigade noong Setyembre 9 at 25. Isa ang patay at marami ang sugatan sa hanay ng 1st IBPA na nakaengkwentro ng BHB Mindoro noong Setyembre 9 sa Sityo Tugas, Brgy. San Vicente, Roxas. Samantala, magiting na lumaban hanggang sa nagbuwis ng buhay sa naturang labanan ang Pulang mandirigmang si Ka Kardo, 33.

Noong Setyembre 25, tatlo ang patay at marami ang napinsala sa 203rd IBde sa labanan sa pagitan ng isang yunit ng LdGC at pasistang kaaway sa Sityo Barayong, Brgy. Manuol, Mansalay. Ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Ayon sa mga yunit, nabantayan nila ang presensya ng mga berdugo kaya maagap silang nakapaghanda, nakapusisyon at nakaputok ang mga Pulang mandirigma.

# Marcos Jr., numero-unong pahirap sa masang magsasaka

Lalong lumubog ang kabuhayan ng masang magsasaka sa Timog Katagalugan at buong bansa sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II. Inutil at kibit-balikat siya sa hinaing at panawagan ng magsasaka sa kawalan ng lupa, mababang presyo ng produktong bukid, napakataas na gastos sa produksyon, ayuda, mababang sahod ng manggagawang-bukid, mataas na usura at iba pa. Tulad ng kanyang ama, nagpapatupad siya ng mga kontra-magsasakang batas at proyekto pabor sa interes ng naghaharing kumprador-panginoong maylupa't burukrata kapitalista at mga dayuhang mamumuhunan.

Inaalagaan at pinananatili ng rehimeng Marcos II at buong naghaharing sistema ang pyudalismo at malapyudalismo na pangunahing pasakit sa masang magsasaka. Resulta nito, nananatiling agraryan at pre-industriyal ang ekonomya habang maliitan, atrasado at hiwa-hiwalay ang produksyon sa bansa. Kabalintunaang nasa 7.0% ang agrikultura sa *growth domestic product* sa kabila na isang bansang agrikultural ang Pilipinas. Idinikta ito ng pagkubabaw ng imperyalismong US sa lahat ng aspetong panlipunan. Pinapatay nito ang lokal na produksyon para lubusang isandig ang bansa at gawing labis na palaasa sa US at iba pang mga bansa.

Nilulubos ni Marcos Jr. ang pagsasadlak sa napakahirap na kalagayan at madilim na kinabukasan para sa masang magsasaka sa pamamagitan ng pagpapaliit ng mga hadlang at pagtatanggal ng mga restriksyon sa kalakalan at pagpapasok ng mga *imported* na produktong agrikultural. Pinasok niya ang tagibang na kasunduan sa pagpapataw ng taripa sa US, kung saan may patong na 19% taripa ang mga produktong i-eeksport sa US habang 1% lamang ang taripa sa mga produktong iimport ng US.

Resulta ng pagpapatupad ng salot na Rice Tariffication Law (RTL) at walang-patumanggang importasyon ang napakababang presyo ng palay at iba pang produktong bukid. Pumalo sa Nasugbu, Batangas kamakailan ang sagad-sa-babang presyo ng kada kilo ng palay na ₱5 habang ₱6-7 naman sa ibang rehiyon—lubhang malayo sa ₱14 na itinatakda ng DA na karaniwang presyo ng kada kilo ng palay sa buong bansa. Kahit itong ipinagmamalaking presyo ng DA ay wala na sa hulog sa gitna ng napakataas na gastos sa produksyon ng palay. Giit ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, dapat lapat na magsiyasat ang kagawaran sa dapat na itakdang presyo ng kada kilo ng palay batay sa lubhang mataas na gastos sa produksyon, na noong 2023 pa lamang ay nakikitang nagdoble na ang halaga sa ₱14. Noong 2019 pa iginigiit ng mga magsasaka sa palayan sa Mindoro ang ₱21 presyo ng kada kilo ng palay sa *farmgate* para makaagapay sila sa arawang gastusin at gastos sa produksyon. Malayong di hamak na mas mataas na ngayon ang gastos sa produksyon matapos ang walang patumanggang pagtaas ng presyo ng abono, pestisipyo, gasolina, krudo at iba pa.




Nakapako sa mababang halaga ang sahod ng manggagawang-bukid na ₱300-350 at sa ilan ay mas mababa pa na ₱250 laluna sa hanay ng mga pambansang minorya. Karaniwan nang kalakaran sa kanayunang bahagi ng TK na ang mga magsasaka, sa panahong naghihintay ng ani sa kanyang mga pananim ay nagiging manggagawang bukid o nagpapaupa sa iba't ibang trabaho sa bukid para kumita ng pera. Ang masaklap, bagsak na ang presyo ng produktong bukid at sahod na natatanggap, inaagawan na sila ng lupa at kabuhayan pero sobrang taas ng mga bilihin at serbisyo dulot ng implasyon at *value-added tax.*

Walang naaasahang suporta ang mga magsasaka mula sa estado. Lubhang maliit na ang inilalaang pondo sa mga ahensyang may kaugnayan sa agrikultura, kinukurakot pa. Sa pag-aaral ng IBON Foundation noong 2024, umabot lamang sa 3.4% ang dagdag-badyet sa sektor na mas mababa sa napakaliit nang 5.2% istorikal na abereyds sa nagdaang 40 taon. Maliit ang nakalaang pondo sa ayuda laluna sa gitna ng sumisirit na implasyon at sunud-sunod na pagtama ng kalamidad sa bansa. Sa kabaligtaran, buhos ang pondo ng estado sa pinakakurakot na mga ahensya tulad ng DPWH, AFP, PNP at DND. Higit sa lahat, eksponensyal ang paglaki ng pondong ipinauubaya kay Marcos sa anyo ng *unprogrammed funds* na pinanggagalingan ng malaking kurakot ng rehimen.

Nakapagngangalit para sa mga magsasaka ang sumasambulat na mga dambuhalang kaso ng korapsyon sangkot si Marcos Jr, mga senador, ilang mga kongresista at kasabwat nilang mga kontraktor sa mga huwad o di kaya'y substandard na mga proyektong *flood control, farm-to-market road* (FMR) at iba pa. Kabilang sa mga ito ang mga FMR na ginagawa sa Quezon, Mindoro at Palawan na inirereklamo hindi lang ng mga magsasaka

kundi ng iba pang aping uri at sektor. Kung talagang seryoso ang rehimeng Marcos II, dapat niyang ilaan ang dambuhalang pondo ng bayan sa pagpapabuti ng agrikultura at ayudahan ang mga magsasaka, kasama ang mga manggagawa, na mga pangunahing prodyuser at bumubuo ng pinakamalaking bahagi ng populasyon ng bansa.

Sa halip, karahasan ang hatid ng estado sa mga magsasaka. Simula't sapul, target ng karahasan at mga kontra-mamamayang gera ng estado ang mga magsasaka sa kanayunan. Sa panahon ng magkasunod na rehimeng Duterte at Marcos II, ang masang magbubukid ang pangunahing sumapo ng pinakabrutal at matinding pasistang pang-aatake ng mga armadong pwersa ng estado at mga PML. Sa halip na ayuda at tulong, bomba, bala at walang-patid na militarisasyon ang nanghahalihaw sa kanayunan na nagresulta sa komu-komunidad na pagbabakwit, dislokasyon sa kabuhayan at panirikan, pagkatigil ng kabuhayan, masaker, pamamaslang, pagdukot, iligal na pag-aresto't detensyon, panghaharas, tortyur at iba pa. Nagkakailang magsasaka ang nagpapakamatay dahil sa di na mabatang kahirapan at karahasan ng estado laluna mula nang maupo si Duterte hanggang ngayon. Naitala ang 176,940 biktimang magsasaka sa ilalim ni Marcos Jr. mula Disyembre 10, 2024-Hunyo 30, 2025. Katumbas ito ng 871 magsasakang kada araw na biktima ng paglabag sa karapatang tao. Sa isinagawang International Solidarity Mission ng iba't ibang grupong nagtatanggol sa karapatang tao laluna ng mga magsasaka at pambansang minorya nitong Oktubre 11 sa Rizal at Mindoro, matinding panghaharas, pananakot at mga operasyong sabotahe ang isinagawa ng iba't ibang yunit ng 2nd IDPA sa grupo para itaboy at palayasin sila. Pinaliliparan sila ng *drone*, mga *helicopter* at hinaharang. Pinipigilan silang makarating sa mga komunidad at makapanayam ang mga magsasakang biktima ng ilang dekadang pang-aapi.

## MGA TAMPOK NA TUNGGALIAN SA LUPA SA TK

Sa rehiyong TK, laganap ang tunggalian ng mga magsasaka at panginoong maylupa-malalaking burgesya komprador-burukrata kapitalista.

**Cavite.** IIang dekada nang kinakamkam ng mga Aguinaldo ang Brgy. Tartaria, Silang at mga Ramos ang Brgy. Langkaan 1, Dasmariñas. Anumang oras ay maaaring muling pumutok ang tensyon sa mga lugar na ito.

**Rizal.** Kinakamkam ng Sta. Lucia Development Corporation ang lupa sa Sityo Rawang, Brgy. Tandang Kutyo sa Tanay.

**Batangas.** Inilalaban pa rin ng mga magsasaka sa Nasugbu ang kanilang karapatan sa lupang saklaw ng Hacienda Roxas.

**Palawan.** Nananatiling kontrolado ng estado ang Yulo King Ranch at kinakamkam ng San Miguel Corporation ang lupain ng mga taga-Balabac Island.

**Mindoro.** Muling inaagaw ng pamilyang Almeda ang lupain sa Malatabako, Abra de Ilog na nilalabanan ng mga katutubong Mangyan-Iraya kasabay ng paglaban ng mga magsasaka sa pambabakod sa Guinobatan, Calapan. Palalayasin din ang mga Mangyan Buhid sa San Jose, Rizal at Bongabong ng huwad na proyektong pangkaunlarang Tamaraw Reservation Expansion Project.

**Quezon.** Mas matindi ang pamamayagpag ng mga PML na Matias, Murray, Uy atbp. sa Bondoc Peninsula.

Samantala, sa iba't ibang panig ng rehiyon, nagpapatuloy ang banta ng muling pangangamkam at rekonsentrasyon ng lupa sa mga PML at iba pang mga korporasyon kahit pa may mga hawak nang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ang mga magsasaka na palatandaang huwad talaga sa kaibuturan ang reporma sa lupa ng estado. Bibigyang-daan nito ang iba't ibang proyektong "pangkaunlaran" ng dayuhan at lokal na mga mandarambong tulad ng mga proyektong ekoturismo, enerhiya, kalsada at iba pa. Magreresulta ito sa malawakang dislokasyon ng komu-komunidad ng mga magsasaka, pagkawala ng kanilang hanapbuhay at ari-arian at ibayong karalitaan sa kanayunan. K

Ngayong buwan ng mga magsasaka, hindi kataka-takang humuhugos sila mula sa iba't ibang bahagi ng rehiyon at bansa sa kalunsuran para ipahayag ang kanilang pagkamuhi at paglaban sa sistemang ito na puro pang-aapi at pagsasamantala ang hatid sa kanila. Wala nang ibang mas makatwiran at dakilang landas para ipagtanggol ang kanilang lupa, kabuhayan at karapatan kundi ang makibaka. Dapat singilin at isakdal ang rehimeng US-Marcos sa ibayong pagpapahirap at pang-aapi hindi lang sa masang magsasaka, habang garapalan ang pagnanakaw nito at ng kanyang mga alipures sa kaban ng bayan. Dapat siyang isakdal sa ibayong pangangayupapa sa interes ng imperyalismong US na pangunahing salot sa buhay at kabuhayan hindi lang ng mga magsasaka kundi ng masang Pilipino. Bilang pangunahing kinatawan ng mga naghaharing uri na may kontrol sa estado at lahat ng aparato nito, dapat siyang singilin at pagbayarin sa lahat ng kanyang krimen laban sa mga magsasaka at sa bayan. Para epektibong labanan at gapiin ang pasismo ng estado, dapat tangkilikin at palakasin ang demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba sa pangunguna ng masang magsasaka bilang pangunahing pwersa sa kanayunan. K

# Diwa at pakikibaka ni Ka Dodong sa harap ng mga "proyektong pangkaunlaran" sa Laguna de Bay

Ang bawat hampas ng sagwan ni Ka Dodong sa Laguna de Bay ay kaakibat ng kanyang determinasyong dala ng higit 40 taong pakikibaka sa lawa. Hindi lang isda ang kanyang nakakamit sa paglayag sa dilim tuwing madaling araw—kundi pag-asa, kabuhayan at karapatan laban sa mga pakana ng mga naghaharing uri na kamkamin ang lawa sa tabing ng mga "proyektong pangkaunlaran."

Si Ka Dodong, 61 taong gulang, ay isang mangingisdang halos buong buhay na ang inialay sa lawa. Kasama ang kanyang maybahay at bunsong anak, tahimik nilang binubuno ang araw-araw mula sa kanilang maliit na tahanang itinayo sa gilid ng lawa—na ngayo'y nanganganib na mawala dahil sa banta ng demolisyon at dislokasyon.

Ang buhay nila'y umiikot sa ritmo ng lawa. Ala-una pa lang ng madaling araw, pumapalaot na si Ka Dodong sa sariling bangka dala ang lambat at ilaw. Sa gitna ng dilim, humahanap siya ng huli upang may maipangtustos sa pagkain, kuryente at pang-araw-araw na gastusin. Ngunit sa kabila ng sipag at tiyaga, unti-unting napapawawalang-saysay ang hirap at pagod.

"Dati, sapat ang kita. Kayang-kaya ang pamilya. Ngayon, kahit magdamag sa lawa, dalawang kilong tilapia lang ang mabenta sa ₱60. Lugi. Nilulunod kami sa hirap," ani Ka Dodong.

Ang mga proyektong ipinagmamalaki ng pamahalaan bilang sagot sa "kaunlaran" ay sa kanila'y nagiging ugat ng kahirapan. Mula sa Fisheries Zoning at Management Plan noong dekada 1990, hanggang sa Laguna Lakeshore Expressway Dike Project sa panahon ni Aquino, walang nakamit na benepisyo ang mga mangingisda. Sa halip, nililimitahan nito ang pangingisda, ginulo ang likas na tirahan ng mga isda at sa gayon ay tinanggalan ng kakayanan ang mga lokal na residente na maghanapbuhay.

"Pagdating ng mga proyektong 'yan, parang itinapon kami. Binulabog ang lawa, pinalayas kami sa sariling tahanan," paliwanag ni Ka Dodong.



Sa ilalim ng kasalukuyang rehimen ni Ferdinand Marcos Jr., lalupang lumala ang kalagayan. Isinusulong ngayon ng pamahalaan at ng Laguna Lake Development Authority (LLDA) ang Laguna Lakeshore Road Network Project (LLRN) at ang Laguna Lake Floating Solar Project—isang dambuhalang proyekto na sasakop sa 2,000 ektaryang bahagi ng lawa.

Para kina Ka Dodong, ito'y tahasang pagwasak sa kabuhayan ng libu-libong mangingisda.

"Wala pang konstruksyon, pero araw-araw kaming binabagabag. May mga pumaparito, dala ang mga plano, pero walang malinaw. Kung mawala 'yung lawa, saan kami pupunta? Saan kami huhuli [ng isda]? Paano kami mabubuhay?" tanong niya, bakas ang galit sa kanyang tinig.

Walang pangakong relokasyon. Walang katiyakang hanapbuhay. At kung meron mang ibinibigay na kaunting ayuda mula sa mga kumpanyang kasangkot sa proyekto, buong tapang itong tinatanggihan ni Ka Dodong.

"Hindi kami basta-basta magpapasuhol. Hindi pwedeng bayaran ang karapatang mabuhay. Hindi pwedeng tumbasan ng *grocery* o tseke ang kinabukasan ng pamilya ko," giit niya.

Hindi lamang tirahan ang nakaambang mawala—kundi mismong dangal ng mamamayang pilit na nais gapiin ng mga desisyong walang konsultasyon, walang puso at walang pakundangan.

Sinasalamin ng katahimikan ng lawa ang katahimikan ng mga namumuno—walang paliwanag, walang pananagutan at higit sa lahat, walang katarungan.

Habang nilulunod ng pamahalaan sa mga *"green energy"* at "*infrastructure boom*" ang kabuhayan ng maliliit na mangingisdang tulad ni Ka Dodong, kinakanlong nito ang malalaking korapsyon. Lalong lumalalim ang kawalan ng hustisya at lalong tumitining ang panawagan: Ibalik ang lupa't tubig sa mga magsasaka, mangingisda at mamamayang Pilipino na tunay na nagmamay-ari at tagapangalaga nito!

Sa bawat pagbagsak ng lambat ni Ka Dodong sa lawa, kasabay nitong lumalalim ang paninindigan: Hindi siya isda na basta-basta mahihila mula sa tubig at mabibitag. Isa siyang mamamayang patuloy na lalaban para sa karapatan—para sa kanyang pamilya, para sa komunidad at para sa lawa at lupain. K

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Ano ang burukrata kapitalismo? Bakit ito binuo at inaalagaan ng imperyalismong US na maghari sa Pilipinas?

Ang burukrata kapitalismo ang ikatlong salot, sa lipunang Pilipino na pinalitaw at inalagaan ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa ilalim ng dominasyon ng imperyalismong US. Ito ang paggamit ng mga nasa kapangyarihan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) bilang malaking pribadong empresa at pagpapairal ng pasismo ng estado laban sa nakikibakang mamamayan upang ipagtanggol para panatilihin ang naghaharing sistema. Sa ilalim ng burukratang kapitalismo, umiiral ang gubyerno bilang pinakamalaking sindikato na humahawak sa mga burukratikong ahensyang animo'y marangal sa pangalan ngunit magnanakaw at mandarambong sa kaibuturan.

Matatagpuan ang burukrata kapitalismo sa loob ng mga pormal na institusyon at mga ahensya ng gubyerno. Taliwas sa pangakong serbisyo sa mamamayan, negosyo nitong itinuturing ang pag-upo sa reaksyunaryong gubyerno. Kinakamkam nila ang yaman ng bayan mula sa rekurso ng estado habang nakikipagsabwatan sa mga panginoong maylupa-burgesyang komprador at imperyalismong US.

Ninuno ng mga burukrata kapitalista ang mga lokal na naghaharing uri na nakipagsabwatan sa dayuhang mananakop na kolonyalistang Espanyol at imperyalismong US. Sila ang nakinabang sa mga asyenda at enkomyenda habang inaalipin ng Spain ang sambayanang Pilipino sa ilalim ng pyudal na pang-aapi at pagsasamantala. Direkta silang nagpasailalim sa gubyerno ng Spain sa loob ng 333 taon.

Nagapi ang kolonyalismong Espanyol ng magtagumpay ang Rebolusyong 1896. Unang sinakop ng US ang bansa noong 1898 sa kasagsagan ng himagsikang 1896 laban sa kolonyalismong Espanyol. Naganap ang digmaang Pilipino-Amerikano. Upang magtagumpay sa pananakop, pinaslang ng mananakop na pwersang Amerikano ang hindi bababa sa 500,000 Pilipino sa noon ay mayroon lamang 7 milyong populasyon sa loob lamang ng 3 taon. Ginamit ang mga palasukong ilustrado upang itatag ang kolonyal na paghahari at mula sa mga traydor na ito ay pinalitaw at inalagaan ng US ang mga lokal na papet ng imperyalismong US. Nagtayo ng mga eskwelahan at nagpadala ng mga Pilipinong mag-aaral sa Amerika upang sanayin ang unang tangkas ng mga papet at burukrata kapitalista. Nangunguna sa mga ito si Quezon at Laurel at kanilang mga kasapakat.

Nang magtagumpay sa pagpapalayas sa mananakop na imperyalismong Hapones ang rebolusyonaryong Pilipino sa pangunguna ng Partido Komunista ng Pilipinas at HUKBALAHAP, bumalik ang US upang muling sakupin ang bansa. Umasta ito bilang "kaibigan" ngunit minasaker ang HUKBALAHAP at mamamayan at nagsagawa ng pambobomba sa mga mayor na syudad kahit wala na ang mga pwersang Hapones na nagwasak lalo sa ekonomya ng bansa. Matapos ito, iginawad nito ang huwad na kalayaan sa pamamagitan ng pagtatayo ng papet na Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Bago nito, tiniyak na nakagapos ang bansa sa kontrol ng US sa larangan ng ekonomya, pulitika, militar, kultura at ugnayang panlabas.

Ibinunga ng masidhing interes ng US na lumikha ng ilusyon ng kalayaan sa Pilipinas ang pagbibinhi ng burukrata kapitalismo sa pamamagitan ng diumano'y pagtatatag ng sariling gubyerno ng mga Pilipino 126 taon ang nakalipas. Kasabay nito ang pagtatayo ng mga institusyon at paaralan upang hubugin ang mamamayang Pilipino para maging *"little brown Americans".* Pumili at nagpalaki ang



US ng mga aristokrata, teknokrata at burukrata sa mga ahensya at institusyong itinayo nito na hanggang ngayo'y nagluluwal ng mga uring parasitiko.

Sa pagpalit ng US bilang bagong mananakop ng Pilipinas matapos ang Espanyol, ipinundar nito ang malakolonyal at malapyudal na sistema sa bansa. Itinatag nito ang papet na republika at ipinuwesto ang mga lokal na naghaharing-uri na nakipagkutsaba at pumailalim sa kanyang kontrol. Para mapanatili ang kaayusan ng pang-aapi at pagsasamantala, nag-alaga at nagsanay ito ng hene-henerasyon na mga burukrata-kapitalista at traydor sa sariling bayan. Itinatag nito ang kolonyal na sistema ng edukasyon para pagsilbihin sa layuning ito. Ang mga sinanay na ito ang sa tuwina'y pinagpipilian ng US sa bawat huwad na eleksyong inilulunsad pana-panahon sa bansa. Nangungunang taksil sa yugtong ito ang unang pangulo ng republika na si Emilio Aguinaldo at kanyang mga kasapakat kabilang sina Pedro Paterno at Felipe Buencamino na nagbenta ng pambansang patrimonya at soberanya US upang isalba ang mga sarili at kunin ang kanyang premyo. Para lamang makuha ang pabor ng US, nangangayupapa sila sa lahat ng kumpas ng US, at kung hindi sa kanila ang pabor, nagpapatayan sila para rito.

Sa pamamagitan ng mga buwayang ito, nagpapatuloy ang pagpapatupad ng mga makadayuhan at mapanupil na batas na nag-aakomoda sa di napapawing kasibaan ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uring PML-MBK. Ibinubuyangyang nila ang bansa sa mga makadayuhan at tagibang na kasunduan ng ugnayang panlabas kapalit ang hindi bastang milyon, bilyon hanggang ilampung trilyon na mga kikbak sa pondo ng bayan na ibinubulsa ng burukratikong korapsyon sa halip na ilaan sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa, pambansang industriya at serbisyong panlipunan. Ibinebenta nila ang mga pag-aaring publiko at kinakamkam ang likas-yaman at lupa sa tabing ng mga "proyektong pangkaunlaran." Nakikipagsanib-pwersa sila sa malalaking sindikato ng droga, iligal na mga konsesyon ng pagtotroso at mina, ismagling, *human trafficking* at iba pang pinakamasasahol na anyo. At bilang maka-US, sila rin ang pangunahing tagapagpatupad ng kampanyang kontra-insurhensya at gera kontra-mamamayan.

Inaalagaan, binubusog at kinukunsinti ng US ang mga burukratang kapitalista upang kunin ang kanilang katapatan para sa madulas na pagkumpas sa mga ito bilang kanyang mga alipores. Sila ang mga dugong magnanakaw, mandarambong at tiwali sa bayan. Sa ngayon, kumakatawan sila sa iba't ibang kulay sa burges na pulitika—mayroong puti, asul, dilaw, *pink*, nagpapanggap na pula at kung anu-ano pa, pero iba't iba man ang kulay, iisa ang laman ng kanilang mga budhi— ang maging sunud-sunuran sa utos ng US para makapwesto sa estado poder at magpakasasa sa kayamanan at kapangyarihan.

## Ang mga papet at burukrata-kapitalistang mga rehimen ng Republika ng Pilipinas

| | |
|---|---|
| 1946-1948 | **Manuel Roxas** |
| 1948-1953 | **Elpido Quirino** |
| 1953-1957 | **Ramon Magsaysay** |
| 1957-1961 | **Carlos Garcia** |
| 1961-1965 | **Diosdado Macapagal** |
| 1965-1985 | **Ferdinand Marcos Sr.** |
| 1986-1992 | **Corazon Aquino** |
| 1992-1998 | **Fidel Ramos** |
| 1998-2001 | **Joseph Estrada** |
| 2001-2010 | **Gloria Macapagal Arroyo** |
| 2010-2016 | **Benigno Aquino III** |
| 2016-2022 | **Rodrigo Duterte** |
| 2022-kasalukuyan | **Ferdinand Marcos Jr.** |

Kinakatawan ni Marcos Jr. at mga kasapakat nya ang nangungunang burukrata-kapitalista sa Pilipinas at nasasalang sa matinding pagbatikos ng bayan dahil sa garapalan at dambuhalang burukratikong kurakot sa iba't ibang anyo at lawak. Ibang klase ang pagnanakaw ala-Marcos, pang-Guinness Book World of Records na mahigpit na ikinagagalit at pinaninibugho ng mga Duterte. Sa padrong ito ni Marcos Jr., hindi malayong malampasan niya ang rekord ng ama sa dambuhalang pagnanakaw. Sukang-suka na ang bayan sa sa kanyang umaalingasaw na katiwalian. Sa katunayan, malaon nang naghahanap ng alternatibong solusyon ang mamamayan upang wakasan ang bulok, pahirap, papet at kurakot na mga rehimen na ngayon ay kinakatawan ng rehimeng US-Marcos II.

Ngunit sa ipinamamalas na malawakang kilusang masa, lalong nasasalamin ang artipisyal na kapangyarihan ng burukrata kapitalismo dahil nakasandig ito sa tigreng papel na lakas ng imperyalismong US. Ang kasalukuyang kumukulong sitwasyon at krisis pampulitika ang matabang lupa ay dapat sagpangin ng mga rebolusyonaryong pwersa upang mabilis na idirehe at itransporma ang poot ng bayan tungong makauring galit. Babagsak lamang ang bulok na sistemang pinamumugaran ng parasitikong burukratang kapitalismo sa pamamagitan ng pagsulong ng pambansa demokratikong rebolusyon sa nagkakaisang lakas ng mamamayan. K

# Pambobomba, panganganyon at pang-iistraping ng 203rd IBde, kinundena ng NDFP-Mindoro

Kinundena ng National Democratic Front-Mindoro ang walang patumanggang istraping mula sa helikopter at panganganyon ng mga pasistang tropa ng 203rd IBde mula hapon ng Setyembre 9 hanggang madaling araw ng Setyembre 10 sa Sityo Tugas at paligid nito, Brgy. San Vicente, Roxas. Naganap ang mga paglabag matapos ang labanan sa pagitan ng yunit ng Lucio de Guzman-BHB Mindoro at 1st IBPA.

Tinarget ng pang-iistraping at panganganyon hindi lamang ang mga kagubatan kundi ang mga taniman, komunidad ng mga katutubong Mangyan, at mga lugar na pinaghihinalaan nilang inatrasan ng napalabang yunit ng BHB nang walang konsiderasyon sa epekto ng mga ito sa buhay at kabuhayan ng mga sibilyan. Dahil sa labis na takot ng mga residente, napilitang lumikas ang daan-daang katutubong Mangyan kabilang ang mga bata, kababaihan at matatanda na taga Sityo Tugas, Sityo Swerte at mga karatig nitong sityo at bahayan.

Ayon kay Maria Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF-Mindoro, "Walang ibang layunin ang paghahasik ng teror ng 203rd IBde kundi takutin ang mamamayan laluna ang mga magsasaka at katutubong Mangyan upang huminto sa paglaban at pagsuporta sa BHB. Sinisindak din ng 203rd IBde ang rebolusyonaryong pwersa laluna ang BHB sa pag-aakalang ang eksaheradong paggamit ng superyor na pwersa at rekurso ay magpapatigil sa mapanlabang diwa ng mamamayan at BHB." K




SERYE

MAKIBAKA
HUWAG
MATAKOT

## Kumperensya sa Rebolusyong Agraryo sa TK

Tagumpay na inilunsad sa isang larangan sa Timog Katagalugan ang panlarangang kumperensya sa rebolusyong agraryo noong 2015. Dinaluhan ito ng mahigit 100 magsasaka mula sa iba't ibang baryo at bayan. Bago ang kumperensya, isinagawa ng mga delegado ang pananaliksik at inisyal na pulong para paghandaan ang aktibidad.

Tinalakay sa kumperensya ang pagpapatatag ng mga organisasyong masa ng magsasaka at pangkalahatang pagpapalakas ng digmang bayan sa rehiyon. Pinagkaisahan nila ang pagtatayo ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid sa antas munisipalidad kasabay ng mabilis at maramihang pagtatayo ng mga balangay sa baryo. Upang isakatuparan ito, binuo ang Pamalagiang Komite sa antas munisipalidad. Pinagkaisahan din ang pagkakasa ng mga laban na: pagpapababa ng upa sa lupa sa anyo ng pagtataas ng partehang 75-25 pabor sa magsasaka mula sa kairalang 60-40; pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid; pagpapababa ng usura at interes sa pautang at pagpapataas ng presyo ng mga produktong bukid. K

*Sanggunian: Ang Bayan Tomo XLVII Blg. 21, Nobyembre 7, 2016*



# *Walkout* ng pagkakaisa sa UPLB, isang protesta kontra-katiwalian at kontra-*budget cut*

Sa gitna ng patuloy na paghihirap ng mamamayan sa mga maling polisiya at katiwalian, muling nagsama-sama ang mahigit 7,000 estudyante, guro at kawani ng University of the Philippines Los Baños (UPLB) para sa isang makasaysayang *walkout* noong Setyembre 19. Nagmartsa mula sa iba't ibang kolehiyo ang mga konseho ng mag-aaral at organisasyon bago nagsama-sama sa Oblation Park ng kampus. Kasama nila sa *walkout* ang mga *jeepney* drayber at mga residente ng Los Baños.

Anim na taon mula nang huling maganap ang malaking *walkout* sa UPLB. Ipinamalas ng mga estudyante, guro at mga kawani ng pamantasan ang kanilang tapang na lumiban sa klase at trabaho upang iparating ang hindi matitinag na galit sa walang habas na pang-aabuso ng mga nasa kapangyarihan. Ipinarating sa pagkilos ang boses hindi lamang ng mga estudyante ng pamantasan kundi ng buong bansa: mula sa mga *budget cut* ng estado sa *state universities and colleges* hanggang sa patuloy na katiwalian ng mga tradisyunal na pulitiko. Ang *walkout* ay simbolo ng tungkulin ng bawat kabataan na magsalita at lumaban para sa isang lipunang nagtataguyod sa interes ng nakararami.

**Panawagan laban sa katiwalian at *budget cut***

Sa unang bahagi ng aktibidad, nagsagawa ang bawat kolehiyo ng mga desentralisadong programa bago magtipon sa Oblation Park. Laman ng mga panawagan ng mga estudyante ang pagpapataas ng badyet para sa edukasyon, serbisyong panlipunan at pagpapanagot sa mga opisyal ng gobyerno na sangkot sa mainit na isyu ng korapsyon, partikular ang Department of Public Works and Highways (DPWH).

Pinag-uugnay ng pagkilos na ito ang mga henerasyon ng kabataan na hindi makakalimot sa kanilang papel sa pagpapabuti ng kasalukuyang lipunan. Dumalo at nagbigay ng mensahe si Atty. Filemon Nolasco, ang unang University Student Council (USC) Chairperson ng UPLB. Ayon kay Atty. Nolasco, "Hindi na namin kayang maghintay. Ito ang panahon ng paniningil. Ito ang panahon ng pananagot." Panawagan niya sa mga kabataan na huwag hayaang magpatuloy ang mga maling sistema at kawalan ng katarungan.

Sa rurok ng pagkilos, itinatag ang UP Action Los Baños, isang alyansa na binubuo ng mga mag-aaral, guro, at mga kawani ng UPLB na magtutulungan upang itaguyod ang mas mataas na pondo para sa edukasyon at iba pang mga serbisyong panlipunan. Bitbit ng alyansa ang kampanya mula sa makamasa at maka-estudyanteng pamamahala sa pamantasan, hanggang sa isang mas makatarungang sistemang panlipunan.

**Komemorasyon at balik-tanaw sa Martial Law**

Kasama sa mga aktibidad sa araw na iyon ang forum na "Kwento at Konteksto: Pilipinas sa Pangil ng Buwayang Marcos" na pinangunahan ng College of Veterinary Medicine Student Council (CVMSC). Tinalakay dito ang mga karahasan ng Martial Law, tulad ng mga pang-aabuso sa mga katutubong komunidad sa Calauit. Ibinahagi rin sa *forum* ang mga kwento ng mga Tagbanua na biktima ng paglabag sa karapatang tao ng rehimeng Marcos.

Sinundan ang forum ng isang palihan sa komiks sa pangunguna ng Karma Kolektib, isang grupo ng mga progresibong artistang estudyante. Layon ng palihan na gamitin ang sining sa pagbibigay-boses sa mga api at pinagsasamantalahang sektor. Inilahad ng grupo na ang sining, hindi lamang sa anyo ng komiks, kundi sa lahat ng mga anyo nito, ay may lakas na magbigay ng liwanag sa madilim na realidad ng lipunan.

Samantala, isinagawa ang *candle lighting ceremony* at pagtatanghal ng Umalohokan Inc., isang organisasyong






pang-teatrong pangkomunidad, para magbigay-pugay sa mga martir ng Martial Law. Sa kanilang mga alay na kandila, inalala ang mga buhay na nabuwal sa ngalan ng tunay na kalayaan. Nagsilbi itong paalaala na ang paglaban ay isang nagpapatuloy na proseso, hindi lang para sa mga naunang henerasyong nagbuwis ng buhay, kundi para sa mga kabataan ngayon na humaharap sa mga bagong anyo at lala ng pasismo at katiwalian.

**Pagpapatuloy ng laban**

Malinaw sa mga kabataan ng UPLB na ang kanilang laban ay laban ng bawat mamamayan. Sa kanilang pagtitipon sa Oblation Park, panawagan nila ang pagwaksi sa paghahari ng mga tiwaling lider at paghahangad ng isang pamahalaang tunay na maglilingkod sa interes ng mamamayan at hindi ng iilan. Bitbit ang diwang pinasiklab ng *walkout*, nagpapatuloy ang tapang na ipinamamalas ng mga Iskolar ng Bayan upang maglingkod sa interes ng sambayanang Pilipino.

Ipinagpatuloy ng daan-daang estudyante ng UPLB ang kanilang pagkilos sa labas ng pamantasan sa mga sumunod pang linggo. Kabilang rito ang pagkilos sa Luneta Park sa okasyon ng paggunita sa ika-53 taon ng deklarasyon ng Martial Law noong Setyembre 21. K

# Higit 100,000 mamamayan, nagprotesta laban sa korapsyon

Humugos ang halos 2,000 mamamayan ng TK tungong Maynila noong Setyembre 21 para makiisa sa martsa ng bayan na muhing-muhi na sa burukratikong kurakot at katiwalian ng rehimeng US-Marcos II. Lumahok ang delegasyon ng rehiyon sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-ST (BAYAN-ST) sa pagtungo sa mayor na delegasyon sa Luneta, Maynila. Lumuwas ang mga kabataan, magsasaka, manggagawa, maralitang lungsod, drayber at iba pang aping uri at sektor mula sa iba't ibang probinsya ng TK para lumahok at makiisa sa pambansang kilos-protesta.

Mas maaga pa, pinangunahan ng BAYAN ang isang programa mula ala-sais ng umaga hanggang ala-una ng hapon. Matapos ito, nagmartsa ang mas malaking delegasyon tungong Mendiola. Dito nila ipinahayag ang kolektibong galit at paniningil sa rehimeng US-Marcos II. Nagbarikada man ang mga pulis sa tulay ng Mendiola, tagumpay na natapos ang programa at kilos-protesta sa araw na iyon. Nagkaroon din ng hiwalay na pagkilos sa Edsa Shrine sa Ortigas na nagmartsa tungong White Plains sa Quezon City.

Ayon sa BAYAN, malinaw ang mensahe sa araw na iyon sa Luneta, Mendiola at EDSA sa Maynila at buong bansa: sawang-sawa na ang mamamayan sa pandarambong ng pampublikong pondo at abuso sa kapangyarihan ng mga nasa otoridad. Galit na sila at pinananagot ang mga sangkot. Magpapatuloy ang protesta laban sa korap na sistema. Hindi dapat bumaling sa karahasan o pagsupil sa paglaban ng mamamayan ang sinumang nasa otoridad.

Dahil sa di mapigil na galit laluna ng mga pangunahing biktima ng mga pagbaha, sumiklab ang kumprontasyon at karahasan sa Mendiola sa pagitan ng mga pulis at mga ralyista. Pinatunayan ng mga dokumentasyong bidyo at larawan ang brutal na pagsagupa ng mga pulis sa mga walang kalaban-labang kabataang sumama sa protesta at idinamay pa ang mayor na delegasyon. Hindi pa nasapatan, inaresto pa ng mga pulis ang 277 indibidwal kung saan 91 ang menor de edad. Dumanas ng kalupitan sa kamay ng mga pulis ang mga inarestong nagprotesta.

Parang asong ulol pang naghuramentado ang mga pulis nang paslangin nito si Eric Saber, isang manggagawa na napadaan lang Recto galing sa trabaho. Namatay din ang isang menor de edad na si March Chustin Serbo na kasama sa mga nagprotesta matapos saksakin ng kapwa sibilyan.

Sa huli, sa kabila ng pagsisikap ng rehimeng pagtakpan ang naganap na krimen at isisi sa mga nagprotesta ang kaguluhan, bumwelta ito sa kanila sa higit pang pagdami ng pumuputok na mga kilos-protesta sa iba't ibang bahagi ng rehiyon at bansa. Ayon sa BAYAN-ST, "kahit ano pang pandarahas ng kapulisan, pananakot sa taumbayan, *fake news, red-tagging*, at pambabaluktot ng mga naratibo sa nangyaring protesta, hinding-hindi nito mapagtatakpan ang tagumpay ng mamamayan noong Setyembre 21." Pinagpugayan nito ang lahat ng lumahok sa makasaysayang kilos-protesta kasabay ng paggunita sa ika-53 taon ng Martial Law ng matandang Marcos. K

# URING MAGSASAKA
# PANGUNAHING PWERSA!



## SUMAPI SA NEW PEOPLE'S ARMY!

ARMAS-TK